**Patakaran sa Pagkapribado ng San Francisco Department of Children, Youth and Their Families (Kagawaran ng San Francisco para sa mga Bata, Kabataan at Kanilang mga Pamilya)**

Nakasaad sa Patakaran sa Pagkapribado ang mga uri ng impormasyong nililikom namin kapag bibisitahin mo ang aming website, pati na rin ang ilan sa mga hakbang na aming gagawin upang protektahan ito.

Impormasyong Ibinibigay Mo

Ang impormasyong ibinibigay mo sa Form ng Aplikasyon ng Community Learning Hub at mga Form ng Interes para sa Summer Together Summer Camp ay ibabahagi sa mga empleyado ng Lungsod at County ng San Francisco, San Francisco Unified School District (Distrito ng Nagkakaisang Paaralan ng San Francisco), at mga ikatlong partido para sa layunin ng pag-uugnay ng mga pamilya sa mga serbisyo. Ang personal na impormasyong kinokolekta sa mga form ay pinananatiling kumpidensyal at maaaari lamang i-access ng mga awtorisadong partido para sa mga layunin ng pag-uugnay ng serbisyo at suporta. Hindi isisiwalat ng Lungsod at County ng San Francisco ang impormasyong ibibigay mo sa Form ng Aplikasyon ng Community Learning Hub at mga Form ng Interes para sa Summer Together Summer Camp para sa iba pang layunin maliban kung magbibigay ka ng partikular na dahilan para gawin ito, o maliban kung iniaatas ng batas o utos ng hukuman ang pagsisiwalat. Hindi kami nagbibigay, nagbabahagi, o naglilipat ng anumang personal na impormasyon sa ikatlong partido para sa mga layuning bukod sa pag-uugnay ng serbisyo at suporta.

Ang impormasyong boluntaryo mong ibinigay sa pamamagitan ng aming opsyonal na online na form para sa saloobin at mga form na Makipag-ugnay sa Amin ay ginagamit upang matulungan kaming mapahusay ang aming mga web site, at maaaring ibahagi sa mga empleyado ng Lungsod at County ng San Francisco at mga kontratista nito, pati na rin ng San Francisco Unified School District para sa layuning iyon. Ang ilan sa aming mga serbisyong online ay mag-aatas sa iyong magbigay ng ilang personal na impormasyon, at gagamitin namin ang impormasyong iyon upang magkaloob ng serbisyo.

Pagkolekta ng Impormasyon Kapag Bumibisita sa Aming Website

Hindi namin kinokolekta ang personal na impormasyon tungkol sa iyo kapag binibisita mo ang aming website maliban kung pipiliin mong ibigay ang impormasyong iyon sa amin.

Kinokolekta namin ang limitadong hindi personal na matutukoy na impormasyon na awtomatikong makukuha sa iyong browser kapag binibisita mo ang aming website. Kabilang sa impormasyong ito ang Internet Address ng iyong computer o network, ang petsa, oras, at page na iyong binisita sa aming site, ang iyong browser at operating system, at ang referring page (ang huling webpage na iyong binisita bago i-click ang link sa aming site).

Ginagamit namin ang pinagsama-samang impormasyon mula sa lahat ng aming mga bisita upang sukatin ang paggana ng server, suriin ang mga pattern ng user traffic at pagbutihin ang nilalaman ng aming site.

Paminsan-minsan ay sinusubaybayan namin ang mga keyword na ipinapasok sa aming search engine upang sukatin ang interes sa mga partikular na paksa, ngunit hindi namin sinusubaybayan kung aling mga kataga ang inilalagay ng partikular na user.

## Cookies

Ginagamit namin ang "cookies" kapag nagkakaloob ng mga online na serbisyo gaya ng mga online na aplikasyon. Ginagamit namin ang cookies para mapabuti ang kalidad ng aming serbisyo.

Ang paggamit ng cookies ay isang karaniwang gawain sa mga Internet website at karamihan sa mga web browser sa Internet ay maaaring naka-customize upang tanggihan ang cookies, upang tanggapin o tanggihan lamang ang cookies sa pamamagitan ng interbensyon ng user, o i-delete ang cookies. Ngunit, maaaring hindi gumana ang ilang function nang maayos kung walang cookies.

## Site Analytics

Ginagamit namin ang tool na tinatawag na "Google Analytics" upang matulungang maunawaan kung paano ang interaksyon ng mga bumibisita sa aming website nang sa gayon ay mapapahusay ang site. Maaari mong basahin ang mga Tuntunin ng Paggamit ng Google Analytics at Patakaran sa Pagkapribado ng Google para sa Google Analytics. Maaari mong piliing huwag ipakolekta ang iyong data sa Google Analytics sa pamamagitan ng pag-download ng kanilang opt-out browser add-on.

## Mga Link

Ginagamit ng Lungsod at County ng San Francisco ang mga kapabilidad sa link at search upang galugarin ang makukuhang impormasyon mula sa dose-dosenang ahensyang hindi bahagi ng website ng Lungsod at County ng San Francisco at kung saan walang kontrol ang Lungsod.

Ang mga patakaran at pamamaraan sa pagkapribado na inilalarawan dito ay hindi kinakailangang maangkop sa mga site na iyon.

Iminumungkahi naming direktang makipag-ugnay sa mga site na ito para sa impormasyon tungkol sa kanilang mga patakaran sa pangongolekta at pamamahagi ng data.

## Seguridad ng Site

Sinusubaybayan namin ang network traffic upang matukoy ang mga hindi awtorisadong pagtatangka na mag-upload o baguhin ang impormasyon o sa ibang paraan ay magdulot ng pagkasira sa site. Ang sinumang gumagamit sa website na ito ay hayagang pinahihintulutan ang naturang pagsubaybay.

Gumagawa kami ng mga naaangkop na hakbang na panseguridad upang protektahan ang hindi awtorisadong pag-access, pagbabago o pagsira ng data.

## Mga Pagbabago sa Patakaran

Mangyaring tandaan na ang Patakaran sa Pagkapribado na ito ay maaaring mabago paminsan-minsan. Inaasahan namin na ang karaniwan sa mga naturang pagbabago ay magiging maliit, ngunit ipapaskil namin ang mga pagbabagong iyon habang ito ay isinasagawa.

## Mga Katanungan

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa Patakaran sa Pagkapribado na ito, maaari kang makipag-ugnay sa amin sa communications@dcyf.org.